


Abiso tungkol sa Ikaapat na Pagbabakuna sa COVID-19

Proseso ng Pagpapabakuna

Ang mga pagbabakuna ay libre

(Binayaran nang buo ng pamahalaan)



English/Português/Español/中文/한국어
Filipino/Tiếng Việt/नेपाली



1 Suriin kung sino ang kwalipikado para sa pagbabakuna

Ang mga sumusunod na tao ay kwalipikado para sa pagbabakuna limang buwan pagkatapos magkaroon ng kanilang pangatlo.

- (1) Ito ang mga taong 60 taon o higit pa.
- (2) Ito ang mga taong 18 taon o higit pa na may pinagbabatayan na mga kondisyong medikal, o kung hindi man ay itinuring ng isang manggagamot na nasa mataas na peligro ng malalang sakit mula sa COVID-19.

Ang mga kwalipikadong tao na may napapailalim na kondisyong medikal ay ang mga sumusunod:

- Ito ang mga taong may sumusunod na sakit o kundisyon na pupunta o mananatili sa ospital para sa kanila:
 - Mga malalang sakit sa paghinga
 - Mga malalang sakit sa kidney
 - Mga malalang sakit sa puso (kasama ang hypertension)
 - Mga malalang sakit sa atay (cirrhosis, atbp.)
 - Diabetes na may iba pang nauugnay na sakit o diabetes na sa sarili nitong ginagamot ng insulin o iniinom na gamot
 - Sakit sa dugo (maliban sa iron deficiency anemia)
 - Mga sakit na pinipigilan ang immune system (kasama ang mga malignancy na sumasailalim sa paggamot o palliative na pangangalaga)
 - Mga taong sumasailalim sa paggamot na pinipigilan ang immune system, tulad ng mga steroid
 - Mga sakit sa neurological at neuromuscular na may kasamang mga sakit sa immune
 - Nanghihina ang mga pisikal na paggana (hal., mga sakit sa paghinga) dahil sa mga sakit na neurological o neuromuscular
 - Mga karamdamang Chromosomal
 - Grabeng pisikal at intelektwal na kapansanan (mga kondisyon na may maraming malubhang pisikal at intelektwal na kapansanan)
 - Sleep apnea syndrome
 - Mga malubhang sakit sa pag-iisip (kung sila ay kasalukuyang naospital para sa paggamot ng isang sakit sa pag-iisip, may sertipiko ng kapansanan sa pag-iisip, o tumatanggap ng pangangalaga sa suportang para sa kalayaan (pangangalaga sa kalusugan ng isip) na inuri bilang "malubha at tuluy-tuloy") o mga kapansanan sa intelektwal (sertipiko ng kapansanan sa intelektwal)
- Mga taong sobrang taba na nakakatugon sa pamantayan (BMI na 30 o mas mataas)
Magaspang na gabay para sa BMI na 30: Taas 170 cm at timbang 87 kg, at taas 160 cm at timbang 77 kg



Ang mga taong mayroong sertipiko ng kapansanan, atbp. ay pinadalan ng mga coupon ng pagbabakuna nang hindi kinakailangang mag-aplay para sa kanila.

Ang Lungsod ng Nagoya ay nagdesisyon na ang mga taong may edad 18 hanggang sa ilalim ng 60 na may mga sumusunod na sertipiko ng kapansanan o mga sertipiko ng pangangalagang medikal(*) ay maaaring maging kwalipikado para sa ikaapat na pagbabakuna dahil sa pagkakaroon ng pinagbabatayan na mga kondisyong medikal. Kaya nagpapadala ito sa kanila ng mga kupon sa pagbabakuna nang hindi naghihintay na mag-apply sila.

Tandaan: Mga sertipiko ng kapansanan, sertipiko ng pangangalagang medikal, atbp. (Mga taong mayroon nito na may bisa hanggang Mayo 30, 2022)

- Sertipiko ng kapansanan sa pisikal (shintai shogaisha techo)
- Handbook ng rehabilitasyong medikal (aigo (ryoiku) techo)
- Sertipiko ng kapansanan sa pag-iisip (seishin shogaisha hoken fukushi techo)
- Sertipiko ng pangangalagang medikal ng suporta sa pagiging independente (jiritsu shien iryo jukyusha sho)
- Tinutokoy na sertipiko ng pangangalagang medikal ng malalang sakit sa pagkabata (shoni mansei tokutei shitsubyo iryo jukyusha sho)
- Tinutokoy na sertipiko ng gastos sa medikal (tokutei iroyohi jukyusha sho), atbp.

Kung ikaw ay kwalipikado para sa ikaapat na pagbabakuna, mangyaring isaalang-alang ang pagkakaroon nito. (Ang pagbabakuna ay hindi sapilitan.) Kahit na ikaw ay pinadalan ng isang coupon ng pagbabakuna, hindi ka babakunahan kung hindi ka kwalipikado (hal., dahil wala kang anuman sa mga napapailalim na kondisyong medikal).

Patiuna itong talakayin ito sa iyong doktor. Kung hindi mo iyon magawa, maaari mong talakayin ito sa panahon ng paunang pagsusuri sa lugar ng pagbabakuna.

Kawani ng Kalusugan at Kapakanan COVID-19 Control Office
Kawani ng Kalusugan at Kapakanan Dibisyon sa Pagpapalano ng mga Kapansanan
Kawani ng Kapakanan sa Bata at Kabataan Dibisyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata

- Sa prinsipyo, kailangan mong abanteng magpa-appointment. Gamitin ang sumusunod na proseso para gawin ito. Tandaan: Depende sa suplay ng mga bakuna, maaaring hindi ka kaagad makapagpa-appointment.

2 Magpa- appointment para sa iyong

Tandaan: Hindi tinatanggap ng mga ward office, branch office, at health center ang mga appointment.

Tandaan: Pwede mong malaman ang higit pa tungkol sa mga bakunang ginamit mula sa kalakip na flyer o website ng lungsod, o sa direktang pagtatanong sa mga medikal na institusyon.

Kategorya	Bakuna	Kung paano magpa-appointment
Pagbabakuna sa mga indibidwal sa mga medikal na institusyon <small>Tandaan: Tingnan ang kalakip na flyer upang malaman kung saang mga medikal na institusyon ka maaaring mabakunahan, at kung anong mga bakuna ang ginagamit nila.</small>	Pfizer na bakuna Takeda/Moderna na bakuna	Direktang makipag-appointment ng direkta sa medikal na institusyon. Tandaan: Pwede mo ring gamitin ang COVID-19 Vaccine Navi upang tingnan ang mga detalye ng mga medikal na institusyon, kabilang ang kung anong mga bakuna ang ginagamit nila, kung paano magpa-appointment, at ang kanilang pinakabagong status ng appointment. Tandaan: Pwede ka ring magtanong sa mga temporaryong site para sa mga appointment. Vaccine Navi
Malawakang pagbabakuna sa malalaking site <small>Tandaan: Tingnan ang kalakip na flyer para sa mga site, petsa, atbp.</small>	Takeda/Moderna na bakuna	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapapa-appointment gamit ang Internet Site ng Appointment sa Malawakang Pagbabakuna para sa Nagoya COVID-19 (Pwede ring ma-access mula sa website ng lungsod.) Tandaan: Ang user ID mo at password ay nasa iyong coupon ng pagbabakuna Pagpapapa-appointment gamit ang telepono (Tandaan: Hindi pwedeng magpa-appointment gamit ang fax o email.) Call Center sa Pagbabakuna sa Nagoya COVID-19 ☎ 050-3135-2252 9:00-17:30 araw-araw Tandaan: Kontakin ang sumusunod na numero kung nahihirapan kang magtanong sa pamamagitan ng telepono (hal., dahil mayroon kang problema sa pandinig): Fax: 052-413-5853, email: chogen@meishinren.or.jp Personal na pagpapapa-appointment (Mga temporaryong site para sa mga appointment) Tandaan: Tingnan ang kalakip na flyer para sa mga site, petsa, atbp.
		<ul style="list-style-type: none"> Pagpapapa-appointment gamit ang telepono Call center sa Aichi Prefecture ☎ 0570-666-885 9:00-17:00 araw-araw Pagpapapa-appointment gamit ang LINE LINE appointment na sistema ng Aichi Prefecture

- Pag nakapag-appointment ka na sa pagbabakuna sa isang institusyon/site na medikal, itala ang petsa at lugar sa iyong [coupon ng pagbabakuna](#).

Tandaan: Kung nakapag-appointment nang higit sa isa, [seguradohin na makansela mo ang](#) lahat ng appointment maliban sa isa na gagamitin mo.



3 Magpabakuna

Ano ang dapat mong dalhin sa araw na iyon

Tandaan: Kung nakalimutan mo ang alinman sa mga ito, hindi ka maaaring mabakunahan.

+

Patunay na ID
<Halimbawa>
Lisensya sa pagmamaneho, kard ng health insurance, Aking card ng Numero, atbp.

• Punan mo ang bahagi ng checklist ng prevaccination na naka-bold na hangganan hanggat maaari, at dalhin ito sa venue.

Kontakin para sa mga katanungan (Pakisuyong ingatang huwag mai-dial ang maling numero.)

Call Center sa Pagbabakuna sa Nagoya COVID-19

- Para sa mga katanungan tungkol sa mga pagpapabakuna sa COVID-19, tawagan ang numerong ito:

☎ 050-3135-2252 9:00-17:30 araw-araw

- Para kanselahin ang appointment sa malawakang pagbabakuna, tawagan ang numerong ito:

☎ 052-228-7874 9:00-17:30 araw-araw

Nagoya COVID-19 Pangmatagalang Epekto ng Pagbabakuna na Hotline

(Ang pangmatagalan ay karaniwang nangangahulugan ng mga sintomas na tumatagal ng higit pa sa dalawang linggo.)

☎ 090-1886-6370 / 090-1886-6380 9:00-17:00 (Maliban sa Sabado, Linggo, at mga pampublikong holiday.)

Appointment Support Center para sa May Kapansanan sa Paningin (balak na buksan sa Agosto 31, 2022)

☎ 052-665-6155

Email: shikakucall@nagoya-lighthouse.jp

9:30-17:00

(Maliban sa Sabado, Linggo, mga pampublikong holiday, at Agosto 11 hanggang 15.)

Appointment Support Center para sa May Kapansanan sa Pandinig (balak na buksan sa Agosto 31, 2022)

Fax: 052-413-5853

E-mail: chogen@meishinren.or.jp (Maliban sa Miyerkules.)

Tandaan: Tingnan ang Check Welnet Nagoya para sa detalye.

Tingnan ang website ng lungsod para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Mga Bakuna sa COVID-19.

Link para sa lungsod na website →



Link sa site ng FAQ sa site →

